



Juan Pusong

Sa isang kaharian, may isang lalaking Juan Pusong ang pangalan. Ambisyoso siya at tamad. Pero magaling siyang mag-imbento ng mga kuwento.

Isang araw, nabalitaan ni Juan Pusong na naghahanap ang hari ng isang lorong nagsasalita. May naisip agad si Juan. Nag-abang siya sa daraanan ng parada ng hari. Sa paanan ni Juan ay may nakaumbok na bagay na may taklob na tela. Napansin agad ito ng hari.

“Ano ba ‘yang nasa paanan mo?” tanong ng hari.

“Ito po ang alaga kong loro,” sagot ni Juan.

“Loro? Sige nga, ipakita mo sa akin.”

“Naku, pasensya na Mahal na Hari. Hindi ko ito magagawa. Kung aalisin ko ang tela, agad na lilipad ang aking ibon. Tiyak na tatakas ito. Kung anu-ano pa naman ang sinasabi ng lorong ito kapag lumilipad.”

“Talaga?” nagtatakang tanong ng hari. “Bibilhin ko ang loro. Narito ang isang sakong ginto. Isama mo na rin ang aking kabayo.”

Nag-isip muna bago sumagot si Juan Pusong.

“Mabigat mansa loob ko na mawalala ang aking loro, papayag ako dahil ang Mahal na Hari na ang nagsalita. Pero kayo na ang dapat kumuha sa loro. Dahan-dahan kayong lumapit at agad na daklutin ang loro.”

Inabot ni Juan ang ginto, at sinakyan ang kabayo palayo sa hari at sa mga kawal nito. Agad na sinunod ng hari ang sinabi ni Juan pagkaalis nito. Nang daklutin niya ang nakatago sa tela, laking gulat ng hari! Sa halip na loro, isang tambak ng dumi ng kalabaw ang nadakot niya!


Galit na galit ang hari. “Hanapin ang manlolokong iyon! Itapon siya sa dagat!” utos ng hari.

Nakita naman agad ng mga kawal si Juan. Dinala siya sa baryo at iginapos sa poste. Paparusahan siya bukas ng umaga. Umiyak nang umiyak si Juan hanggang sa may dumaang isang prinsipe.

“Kaawa-awa ka naman. Ano ba ang kasalanan mo?” tanong ng prinsipe.

“Ang hari! Gusto niyang pakasalan ko ang kanyang anak.





Pero ayoko. Hindi ko pa gustong mag-asawa," sagot ni Juan.

Natuwa ang prinsipe nang marinig ito.


"Tutulungan kita. Papakawalan kita. Isuot mo ang mga damit ko at isusuot ko naman ang damit mo. Ako naman ang itali mo," natutuwang sabi ng prinsipe.

Ganoon nga ang nangyari. Kinabukasan, dumating ang mga kawal at dinala ang prinsipeng nagpanggap na si Juan Pusong para ihulog sa isang bangin.

"Huwag! Hindi ba papakawalan niyo ako kung papayag akong pakasalan ang prinsesa?" nalilitong tanong ng prinsipe. Pinagtawanan siya ng mga kawal. Doon na naisip ng prinsipe na niloko siya ni Juan Pusong.

Ihuhulog na sana ang prinsipe nang dumating ang kanang-kamay niya na kagabi pa siya hinahanap. Doon nakilala kung sino talaga siya at nakaligtas. Nakiusap siya sa mga kawal na huwag ibalita ang nangyari. May naisip gawin ang prinsipe.

Samantala, si Juan Pusong na nakasuot ng damit ng prinsipe ay tumuloy sa palasyo. Walang kaalam-alam ang hari na ang nasa harapan niya ay si Juan. Sa halip



ay natuwa siya sa pagdalaw ng isang makisig na prinsipe. Hiniling ng prinsipe na makilala ang prinsesa sapagkat nais niya itong pakasalan at handugan ng malaking kayamanan.

Habang abala ang lahatsa paghahanda para sa kasal, isang kawal muna sa ibang kaharian ang dumating na may balita para sa hari.


“Mahal na Hari, alam kong ikakasal ang inyong anak sa isang prinsipe. Pero, dapat niyong malaman ang totoo.” sabi ng kawal.

Doon nalaman ng hari kung sino talaga si Juan Pusong. Dahil dito, nabuo ang isang plano para kay Juan.

Sa araw ng kasal, sabik na hinintay ni Juan ang kanyang prinsesang naglalakad papunta sa altar. Natatakpan ang mukha nito ng isang puting tela.

Paniwalang-paniwala si Juan na sa araw na ito ay magiging kabiyak niya ang pinakamagandang babae sa kaharian.

Laking gulat ni Juan nang tanggalin niya ang tela sa mukha ng prinsesa.



Nasa harap niya ang prinsipeng minsan niyang niloko.

Tatakas sana si Juan pero agad siyang dinakip ng mga kawal.

Nilapitan siya ng hari.

"Juan Pusong, ano ngayon ang nararamdaman mo? Ikaw naman ngayon ang naloko?" tanong ng hari. Napayuko lang si Juan Pusong.

"Lumayas ka sa kaharian ko!" utos ng hari.

"Patawarin niyo ako Mahal na Hari. Nagsisisi na ako. Hindi ko na uulitin," nagmamakaawa si Juan.

"Mga kawal, alisin niyo sa aking harapan ang lalaking ito!" sigaw ng hari.

Walang nagawa si Juan. Mabigat man ang loob ay sumama siya sa mga kawal.

Bago siya tuluyang umalis, lumingon siya at sinambit ang isang pangakong magbabago na.